


10TH AVENUE HOSPITAL ZONE PHASE 2 PAMPUBLIKONG OFF-STREET NA PARADAHAN



Lugar ng Konstruksiyon
 Ang trapiko ng sasakyan sa W 10th Ave mula sa Ash St hanggang sa Willow St ay magiging one-way habang may konstruksiyon.
 Magbabago ang direksiyon ng trapiko sa kurso ng panahon ng konstruksiyon

One-way pakanluran, Cambie St hanggang Ash St LANG

Ang mga namimisikleta ay hinihiling na bumagal malapit sa mga zone ng konstruksiyon at tingnan ang mga karatula ng detour

- | | | |
|---|--|--|
| Regular na Bisita
Mga Paradahan
Accessible na Paradahan
Daan papasok sa Lote | One-way sa block na ito
Reserbado para sa mga kalahok ng pananaliksik sa ICORD at mga pasyente ng Blusson
Emergency Room | MGA PASILIDAD
A Banfield Pavilion
B Blackmore Pavilion
C Blusson Spinal Cord Centre
D Eye Care Centre
E Jack Bell Research Centre
F Mary Pack Arthritis Centre
G Pattison Pavilion
H Robert H.N. Ho Research Centre
I Segal Family Health Centre
J Skin Care Centre
K Willow Pavilion
Pangunahing Entrada ng Pasilidad |
|---|--|--|

10TH AVENUE HOSPITAL ZONE

Mga Pagpapabuti sa Kalye

TAGLAMIG 2021 – TAG-INIT 2021

KABUUANG PANANAW SA PROYEKTO

Magpapatupad ang Lungsod ng mga pangkaligtasang pagpapabuti sa 10th Avenue na makakaapekto sa mga pagbisita sa mga pangkalusugang pasilidad na malapit sa Vancouver General Hospital.

Ang layunin namin ay para gawing mas ligtas ang 10th Avenue para sa lahat ng gagamit kapag natapos ito, na binibigyang prioridad ang dagdag na ginhawa at kaligtasan ang mga pasyente sa lugar.

Sa panahon ng konstruksiyon, hinihikayat ng Lungsod ang mga taong namimisikleta sa lugar na gamitin ang 7th o 14th Avenue bilang mga alternatibong ruta.

Kinalulugod namin ang inyong pasensiya habang ginagawa ang mahahalagang pagpapabuting ito.

PAANO MAAPEKTUHAN ANG INYONG PAGBISITA

Mangyaring magplano ng maaga para pahintulutan ang karagdang oras para dumating sa inyong appointment.

Sa panahon ng konstruksiyon, ang paradahan sa kalye ay maapektuhan. Ang trapiko ng sasakyan sa 10th Avenue mula sa Ash St hanggang sa Willow St ay magiging one-way habang may konstruksiyon at ang direksiyon ng trapiko ay magbabago sa kurso ng panahon ng konstruksiyon. Ang trapiko ng sasakyan sa pagitan ng Oak St hanggang sa Willow St ay mananatiling two-way na trapiko. Ang access sa lahat ng pasilidad ay pananatiliin para sa mga tao ng lahat ng klaseng abilidad.

Sa pagdating mo, may madaling makikilalang mga tauhan na nasa lugar para matulungan kang mahanap ang iyong destinasyon.

PAGHAHANAP NG PARADAHAN

Mangyaring magplano nang maaga para matukoy ang pinakamahusay na off-street na paradahan para sa pagbisita mo. Tingnan ang likod para sa mapa ng mga opsiyon para sa off-street na paradahan.

Pakitandaan:

- Ang iyong pangkalusugang pasilidad ay maaaring may nakareserbang paradahan na hindi nakalista sa mapang ito. Mangyaring kumonsulta sa kanila para sa payo sa pagparada.
- Ang mga paradahan ay maaaring nakareserba para lang sa paggamit ng pasyente.
- Sundin lahat ng mga lokal na regulasyon sa pagparada.

KONTAKIN KAMI

Naninindigan kaming mapababa ang epekto sa mga pasyente sa panahon ng proyektong ito, at hinihikayat ang mga tanong at mungkahi.

Email:

- 10thAvenue@vancouver.ca

Tumawag:

- Para sa partikular na narecord na project updates o para maabot ang isang miyembro ng project team
- 3-1-1
or
604-873-7000

MATUTO PA:

VANCOUVER.CA/HOSPITALZONE

